



MGA COFFEE BEAN NA INILALAGAY SA MGA NAKAAYOS NA BIN

Karapat-dapat na ipagmalaki ang Dutch Bros crew

Naninindigan ang Dutch Bros drive-thru sa Vallejo sa mahusay na pag-brew ng kape at paggawa ng wastong bagay para sa kapaligiran.

Pinagtutuunan ng negosyo ng Fairgrounds Drive ang pag-recycle at paggawa ng compost at wastong pag-uuri ng lahat ng itinatapon nito upang kaunti lang ang maipadala sa tambakan hangga't maaari.

"Sinasanay na namin ang mga empleyado sa simula pa lang," sabi ni Manager Tylor Gerrard, at dagdag pa niya, sinabihan sa orientation ang 45 empleyado kung nasaan ang mga basurahan at kung ano ang dapat ilagay sa bawat isa at regular din itong ipinapaalala sa kanila. Sinabi niyang iyon ang susi sa pagkakaroon ng mga matagumpay na programa.

Ang Dutch Bros ay gumagamit ng mga malaki at may code na kulay na basurahan para sa pag-recycle, paggawa ng compost, at pagtatapon at mas maliit na lagayan para sa karton. Halimbawa, sinabi ni Gerrard na, ang asul ay para sa pag-recycle at ang berde ay para

sa paggawa ng compost. "Ang anumang bagay na nanggagaling sa coffee machine ay ilalagay sa berde — ang lahat ng aming grind, tea bag, mga ganoong bagay."

Upang gawing mas madali ang pagtatapon ng mga basura, nilalagyan ng Dutch Bros team ng plastic bag ang loob ng mga basurahan nito.

"Mas napapanatili nitong malinis ang mga basurahan namin para hindi namin kailanganing hugasan ang mga ito gabi-gabi dahil mabilis itong mangangamoy dahil sa malalagkit na syrup na ginagamit namin," paliwanag ni Gerrard. "Pagkatapos, gabi-gabi naming inilalabas ang mga bag ng basura, at ipinapasok namin ang mga ito sa malalaking bin, at inilalagay namin ang mga plastic bag sa basurahan."

Ang pinakamahirap sa 3-bin na programa ay ang pagtiyak na wastong naiuuri ng lahat ang mga basura. Nakakatulong dito ang pagkakaroon ng mga label at may code na kulay na bin.



"May malasakit kami sa mundong ito. Sa palagay ko, ganoon talaga ang kumpanya," sabi ni Gerrard. "Palagi kaming naghahanap ng mga paraan para mapabuti at mabawasan ang aming carbon footprint."

ISKEDYUL NG PAGKOLEKTA PARA SA HOLIDAY SA 2025-26

Walang trabaho ang Recology sa mga araw ng Thanksgiving, Pasko, o Bagong Taon kaya maaantala ang serbisyo nang isang araw para sa mga customer sa Huwebes at Biyernes.

LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES	SABADO
12/22 Regular na Serbisyo	12/23 Regular na Serbisyo	12/24 Regular na Serbisyo	12/25 🎄 Walang Serbisyo Araw ng Pasko, Sarado ang Tanggapan	12/26 Serbisyo para sa mga Customer sa Huwebes	12/27 Serbisyo para sa mga Customer sa Biyernes
12/29 Regular na Serbisyo	12/30 Regular na Serbisyo	12/31 Regular na Serbisyo	1/1 🗓️ Walang Serbisyo Araw ng Bagong Taon, Sarado ang Tanggapan	1/2 Serbisyo para sa mga Customer sa Huwebes	1/3 Serbisyo para sa mga Customer sa Biyernes

TUMATANGGAP NA

NG MGA KARTON!



Ang mga karton ng pagkain at inumin ay plastic-lined o foil-lined na paperboard.

Tumatanggap na ngayon ang Recology ng mga karton sa mga asul na basurahan para sa nare-recycle na basura kasama ng malinis na papel, mga matibay na plastik, mga bote at garapon, at mga aluminum na lata.

Kabilang dito ang mga aseptic na karton, gable top na karton, at karton ng sorbetes.

Pakitiyak na ang mga karton at lahat ng nare-recycle na lagayan ay walang laman at tuyo bago ilagay ang mga ito sa iyong basurahan.

Madali lang mapangalagaan ang kapaligiran

Ang lahat ng iyong tira-tirang pagkain at papel na pinaglagayan ng pagkain ay dapat na ilagay sa mga berdeng basurahan para sa organics.

Nag-aalok ang Recology Vallejo ng libreng kitchen pail para sa bawat unit ng mga property para sa maraming pamilya. Kausapin ang inyong property manager na humiling ng mga ito para sa property.

Pinapadali ng lagayan sa countertop ang pagtatapon ng mga tira-tira sa kusina, mga napanis na pagkain, o papel na pinaglagayan ng pagkain papunta sa iyong basurahan sa gilid ng kalsada para sa pagkolekta.

Narito ang ilang tip sa paggawa ng compost para sa mga holiday:

BAGONG OPERATIONS SUPERVISOR

Welcome Vickie Padilla!

Si Vickie ang aming bagong Operations Supervisor, na nagsimula sa Recology noong Hunyo. Siya ang nangangasiwa sa 59 na driver na nagtatrabaho sa Vallejo at American Canyon.

"Natutuwa ako sa pagtulong ng Recology sa komunidad at sa mainit na pagtanggap sa akin noong nagsisimula ako, na nagparamdam sa akin na bahagi ako ng team," sabi niya.

Si Vickie at ang kanyang pamilya, na kinabibilangan ng dalawang anak na babae, ay mga residente ng Vallejo mula pa noong unang bahagi ng 2020. Ang isa sa mga paborito niyang ginagawa kapag wala siyang pasok sa trabaho ay ang pagsasayaw ng ballet folklórico.

Ayon sa Operations Manager ng Recology Vallejo American Canyon na si Al Jimenez, nagpapakita ang kanyang



pinakabagong supervisor ng mahusay na kumbinasyon ng mga katangian sa pamumuno, gaya ng pagkakaroon ng integridad at malinaw na pakikipag-ugnayan, at mahahalagang kasanayan na may kaugnayan sa trabaho, gaya ng paglutas ng problema at kakayahang umangkop.

"Malaki ang maiaambag niya sa operations team," sabi niya.

PUMPKIN POWER: Halos 1 bilyong pounds ng mga kalabasa ang itinatapon sa mga tambakan ng basura bawat taon. Itapon ang iyong jack-o'-lantern sa iyong berdeng basurahan para sa organics pagkatapos alisin ang anumang kandila, wax, glitter, o pintura.

PAKINABANGAN ANG MGA TIRA-TIRA: Mahigit 200 milyong pounds ng turkey ang itinatapon pagkatapos ng Thanksgiving. Itapon ang mga buto ng turkey, mga tira-tira sa plato, at napanis na karne sa berdeng basurahan.

MASAGANANG COMPOST: Ang mga corn cob, sobrang bahagi ng pie crust, coffee ground, nagamit na paper napkins, at lahat ng uri ng tira-tira mula sa kusina ay maaaring ilagay sa iyong basurahan para sa organics — maglagay lang nang maglagay!

PERPEKTONG HALO: Ang paglalagay ng mga pinutol na sanga mula sa bakuran at nahulog na dahon sa iyong basurahan para sa organics ay gumagawa ng magandang seasonal na recipe ng compost.



MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon